*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Takipsilim II

Ika-8 ng Hunyo, 2025

{ Dakilang Kapistahan ng Pentekostes }

Liturgy of the Hours

eBreviary

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Halina, Espiritung Banal, Halina
Halina at angkinin, aming kalul'wa
Halina, aming Mang-aaliw, halina
Papag-alabin mo, aming pag-asa.

Yaring pagmamahal mo'y bukal ng buhay
Ang pangako ng Amang sa 'mi'y patnubay
Kaming mga nilalang ay 'yong turuan
Matutong umunawa, at mangangaral.

Kaming mahina'y ilayo sa kaaway
Ang ipagkaloob mo'y payapang buhay
Kupkupin mo ng iyong bagwis na banal
At papupurihan ka nang walang hanggan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Tigib ng Espiritu ng Panginoon ang buong sanlibutan, aleluya.

*Salmo 110:1–5, 7*

*(Ang Mesiyas, hari at pari)*

Sinabi ng PANGINOON,
Sa Hari ko't PANGINOON,
"Maupo ka sa kanan ko,
Hanggang ang kaaway mo,
Ay lubos na mapasuko, pagkat iyong matatalo."

Magmula sa dakong Sion,

Ay palalawakin niya ang lupaing iyong sakop;
"At lahat ng kaaway mo'y
Sakupin at pagharian," gayon ang kanyang utos.

Sasamahan ka ng madla,
Kung dumating ang panahong lusubin ka ng kaaway;
Magmula sa mga bundok,
Lalabas at sasamahan ka ng mga kabataan.

Ang PANGINOON ay may pangako
Na ito'y tiyak mangyayari, ganito ang kanyang saysay:
"Katulad ni Melquisedec,
Gagawin kang saserdote, na hindi na wawakasan."

Ang PANGINOON ay naroroong
Nakaupo sa kanan mo, at pag siya ay nagalit,
Ang lahat ng mga hari ay tiyak na malulupig.

Sa batis sa lansangan,
Itong hari ay iinom, at sisigla ang katawan;
Sa lakas na tataglayin, matatamo ang tagumpay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Tigib ng Espiritu ng Panginoon ang buong sanlibutan, aleluya.

*Antipona 2*

Isugo mo ang iyong lakas, O Diyos, mula sa iyong banal na templo sa Jerusalem, at gawing ganap sa amin ang iyong paggawa, aleluya.

*Salmo 114*

*(Iniligtas ang mga Israelita sa pagkaalipin ng Egipto)*

Ang bayang Israel
Sa bansang Egipto'y doon inilabas,
Nang ang lahing ito
Sa bansang dayuhan ay pawang lumikas;
Magmula na noon
Ang lupaing Juda'y naging dakong banal,
At yaong Israel

Ginawa ng Diyos na sariling bayan.

Ang Dagat ng Tambo,
Nang ito'y makita, ay tumakas na rin,
Magkabilang panig
Ng ilog ng Jordan, noon ay humimpil.
Maging mga bundok,
Katulad ng tupa, ay pawang nanginig,
Pati mga burol,
Nanginig na parang tupang maliliit.

Ano ang nangyari,
At ikaw, O dagat, wala nang daluyan?
Ikaw naman, Jordan,
Bakit ang tubig mo'y hindi na dumaloy?
Kayong mga bundok,
Nanginginig kayong tupa ang kapara,
At ang mga burol;
Natakot na parang maliit na tupa?

Ikaw, O daigdig,
Ngayon ay manginig sa harap ng Diyos,
Dapat kang matakot
Sapagkat darating ang Diyos ni Jacob.
Siyang sa dalisdis
Ay nagpapabukal ng saganang tubig,
At magmula roon
Ang tubig na ito ay nagiging batis.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Isugo mo ang iyong lakas, O Diyos, mula sa iyong banal na templo sa Jerusalem, at gawing ganap sa amin ang iyong paggawa, aleluya.

*Antipona 3*

Ang lahat ay natigib ng Espiritu Santo, at sila'y nagsimulang magsalita, aleluya.

*Awit: Pahayag 19:1-7*

*(Ang kasal ng Kordero)*

Purihin ang PANGINOON!
Ang pagliligtas, ang karangalan,
At ang kapangyarihan ay tanging sa Diyos!
Matuwid at tama ang kanyang hatol!

Purihin ninyo ang ating Diyos,
Kayong lahat na mga lingkod niya,
Maging dakila at hamak,
Kayong may banal na takot sa kanya!

Purihin ang PANGINOON!
Sapagkat naghahari ang PANGINOON,
Ang ating Diyos na makapangyarihan sa lahat!
Dapat tayong magalak at magsaya.

Purihin natin ang kadakilaan niya
Dahil sa nalalapit na kasal ng Kordero.
Nakahanda na ang kasintahang babae.
Purihin ang PANGINOON.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ang lahat ay natigib ng Espiritu Santo, at sila'y nagsimulang magsalita, aleluya.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Efeso 4:3-6*

Pagsumakitan ninyong mapanatili ang pagkakaisang mula sa Espiritu sa pamamagitan ng buklod ng kapayapaan. Iisa lamang ang katawan at iisa rin ang Espiritu; gayon din naman, iisa lamang ang pag-asa ninyong lahat, dulot ng pagkatawag sa inyo ng Diyos. May isa lamang Panginoon, isang pananampalataya, at isang binyag, isang Diyos at Ama nating lahat. Siya'y higit sa lahat, gumagawa sa lahat, at sumasalahat.

*Tugunan*

Tinigib ng Espiritu ng Panginoon ang buong sanlibutan, aleluya, aleluya.

— Tinigib ng Espiritu ng Panginoon ang buong sanlibutan, aleluya, aleluya.

Pinananatili niya ang lahat ng sangnilikha at nalalaman niya ang bawat salitang winiwika,

— aleluya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Tinigib ng Espiritu ng Panginoon ang buong sanlibutan, aleluya, aleluya.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Ipinagdiriwang natin ngayon ang kapistahan ng Pentekostes, aleluya; sa araw na ito, ang Espiritu Santo ay napakita sa mga apostol sa anyo ng mga dila ng apoy, at pinagkalooban sila ng kanyang mga biyayang espirituwal. Isinugo niya sila upang mangaral sa buong sanlibutan, at ipahayag na ang lahat ng sumasampalataya at mabinyagan ay maliligtas, aleluya.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ipinagdiriwang natin ngayon ang kapistahan ng Pentekostes, aleluya; sa araw na ito, ang Espiritu Santo ay napakita sa mga apostol sa anyo ng mga dila ng apoy, at pinagkalooban sila ng kanyang mga biyayang espirituwal. Isinugo niya sila upang mangaral sa buong sanlibutan, at ipahayag na ang lahat ng sumasampalataya at mabinyagan ay maliligtas, aleluya.

## Pangkalahatang Panalangin

Tinipon ng Ama ang kanyang Simbahan sa pagkakaisa kay Kristo. May galak sa pusong dumalangin sa kanya:

— Isugo ang iyong Espiritu Santo sa Simbahan.

Hangad mo ang pagkakaisa ng lahat ng mga Kristiyano sa pamamagitan ng iisang binyag sa Espiritu,
gawing mong magkaisa sa puso't kaluluwa ang lahat ng mga sumasampalataya.

— Isugo ang iyong Espiritu Santo sa Simbahan.

Hangad mong ang buong daigdig ay mapuno ng iyong Espiritu, tulungan ang lahat ng tao na makapagtatag ng isang daigdig ng katarungan at kapayapaan.

— Isugo ang iyong Espiritu Santo sa Simbahan.

Panginoong Diyos, Ama ng sangkatauhan, hangad mong tipunin

ang mga nagkawatak-watak mong mga anak sa pagkakaisa ng pananampalataya,
liwanagan ang daigdig sa biyaya ng Espiritu Santo.

— Isugo ang iyong Espiritu Santo sa Simbahan.

Sa pamamagitan ng Espiritu, binabago mo ang lahat ng bagay, pagalingin ang maysakit, paginhawahin ang naliligalig, gawaran ng kaligtasan ang lahat.

— Isugo ang iyong Espiritu Santo sa Simbahan.

Sa pamamagitan ng Espiritu, ibinangon mo ang iyong Anak mula sa mga patay,
ibangon ang mga yumao sa walang hanggang buhay.

— Isugo ang iyong Espiritu Santo sa Simbahan.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama,
tulutan ang Espiritung isinugo mo sa iyong Simbahan
upang simulan ang pangangaral ng Ebanghelyo
ay magpatuloy na kumilos sa buong mundo
sa mga puso ng mga nananalig sa iyo
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA
*www.ebreviary.com*